| | |
|---|---|
| JANUARY | Makugihon |
| FEBRUARY | Mahigugmaon |
| MARCH | Matinabangon |
| APRIL | Matinahuron |
| MAY | Mahapsay og Malimpyo |
| JUNE | Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras |
| JULY | Maantigo og Maabilidad |
| AUGUST | Maginhunahunaon para sa Uban |
| SEPTEMBER | Madaginoton |
| OCTOBER | Matinud-anon |
| NOVEMBER | Masaligan |
| DECEMBER | Maalampuon |


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan - Modyul 5
## Kalidad ng Aking Gawain, Kaya Kong Ipagmalaki



Pangalan ng mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



## Alamin

Nasubukan mo na bang tingnan ang mga kagamitan sa inyong bahay? Alin sa mga ito ang tumagal ng mga tatlong taon pataas at nagagamit pa rin ninyo hanggang ngayon? Iyan ang mga produktong may mataas na kalidad ng pagkakagawa. Ang isang manggagawa ay dapat makasunod sa pamantayan para sa mataas o de-kalidad na trabaho.

Sa modyul na ito, iyong matutunan ang kahalagahan sa pagsunod sa pamantayan at kalidad sa ano mang natapos na gawain.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

a. Naipagmamalaki ang anumang natapos sa gawain na nakasusunod sa pamantayan at kalidad. **EsP6PPP-IIIg-38**



## Subukin

Bilang panimulang gawain, subuking sagutin ang mga sumusunod. Kung ikaw ay sang-ayon sa sinasabi ng pangungusap, kulayan ng dilaw ang bilog katumbas sa letrang **T** (tama) at bughaw naman ang parisukat para sa letrang **M** (mali).

_____1. Puwede nang ipasa ang proyekto sa guro kahit mayroon pang kulang dito.

**T** ◯ **M** ☐

_____2. Dapat pagbutihin ang ginawa upang maipagmalaki ito.

**T** ◯ **M** ☐

_____3. Kailangang sumunod sa pamantayan sa paggawa upang maging de-kalidad ang kalalabasan sa inyong mga gawa.

**T** ◯ **M** ☐

_____4. Okey lang na maubos ang oras sa paggawa ng proyekto basta maging maganda at maayos ito.

**T** ◯ **M** ☐

_____5. Kailangang maging masilan sa pagpili ng mga materyales para sa isang proyekto.

**T** ◯ **M** ☐

| Aralin 15 | Kalidad ng Aking Gawain, Kaya Kong Ipagmalaki |
|---|---|



## Balikan

Ating balikan ang tamang pagkalinga sa kapaligiran sa pamamagitan ng pagre-*recycle* ng mga bagay at ang tamang paggawa nito. Lagyan ng (√ ) kung ang pangungusap ay nagsasaad nga tamang Gawain at ( × ) kung hindi.

| | | |
|---|---|---|
| 1. Gumawa si Beth ng isang plorera mula sa plastic na bote. | | |
| 2. Inayos ng mga bata ang mga sirang bakod sa paaralan. | | |
| 3. Inihalo niya ang mga malalanta sa mga di- malalantang bagay. | | |
| 4. Tinuruan ni Susan ang kanyang anak sa pagtatanim ng mga halaman. | | |
| 5. Itinapon ni Arman ang mga sirang upuan sa gilid ng kalsada. | | |



## Tuklasin

Basahin ang kwento at alamin kung nagpapakita ng de-kalidad na pagganap sa Gawain ang pangunahing tauhan.



Ang Matandang Karpintero
Constancia Paloma

May isang matandang karpintero na nagtatrabaho sa isang contractor sa loob ng 53 taon. Nakapagtayo na siya ng maraming magagandang bahay, subalit matanda na siya. Nais na niyang tumigil sa pagtatrabaho at ilaan ang oras para sa kaniyang pamilya, kaya nagpunta siya sa contractor niya at sinabi ang kanyang balak sa buhay. Nalungkot ang contractor sa katotohanang mawawalan siya ng isang mahusay na manggagawa, subalit hindi niya ito pinigilan. Naisip ng contractor na hindi na nga naman kaya ng matandang karpintero. Subalit bilang huling hiling, inutusan niya na gumawa siya ng isang bahay. Huling bahay na kanyang gagawain.

Pumayag naman ang matanda, subalit ang puso niya ay wala sa kaniyang ginawa. Nawala ang dati niyang gana sa trabaho. Dahil dito, ang Kaniyang paggawa ay wala sa kalooban at parang napilitan lamang siya. Nang matapos ang bahay, binisita ng contractor ang huling trabaho ng matandang karpintero. Matapos inspeksyunin ang bahay, ibinigay niya sa karpintero ang susi sa harap ng bahay at sinabi, “Ito na ang iyong bagong bahay. Regalo ko ito sa iyo.” Nagulat ang karpintero at naguluhan.

Kung alam lamang niya na ang kaniyang ginawang bahay ay para sa kanya, sana ay pinagbubutihan niya ang kaniyang trabaho. Ngayon, titira siya sa isang bahay na hindi maganda ang pagkakagawa at hindi pulido.

Ipagpalagay mo na ikaw ang karpintero.Nagtatrabaho ka nag husto, pero ibinibigay mo ba ang iyong puso dito? Hindi natin binibigyan ng lubos na init sa pagtatrabaho ang mga gawaing hindi natin gusto, o wala tayong interes. At sa bandang huli, magugulat tayo sa isang hindi magandang sitwasyon na tayo rin mismo ang lumikha. Ngayon, nagsisisi tayo kung bakit hindi natin pinagbubuti ang gawain, kayat sa huli tayo pa rin ang lugi.



## Suriin

Sa bahaging ito, mas mapapalalim ang inyong pang-uunawa sa kahalagahan sa pagsunod sa pamantayan at kalidad sa paggawa upang maipagmamalaki ang anumang natapos na gawain.

Ayon kay **Tan, V.L** ang pagsunod sa mga pamantayan sa paggawa ay isang mahalagang bagay upang maging isang de-kalidad at pulido ito atmaari mong paipagmalaki sa lahat at ito ay tatagal ng nahabang panahon. Ito ang ilan sa mga dapat sundin.

a. **Maging iba ka**. Umiwas sa mga maling gawi sa paggawa, Kailangan mong paghusayan ang iyong ginawa. Tandaan mo na bawat isa sa atin ay may angking kakayahan na tayo lamang ang mayroon

b. Maging pinakamabuti ka, pinakamagaling at pinakamahusay. Ang gawaing may magandang kalidad ay pinaghuhusayan, pinagbubutihan at pinagbubuhusan ng kakayahan. Dapat magkaroon ka ng mataas na pamantayan at pagsikapang abutin ito at lampasan.

c Maging orihinal ka. Sikaping maging orihinal at hindi manggagaya kahit na sa iyong paligid ay uso ito.

Palalimin ang iyong pang-unawa sa binasang konsepto sa itaas sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na katanungan.

1. Ano ang kabutihang maidudulot kung ang mga tao ay gumawa ng kaniyang mga Gawain nang naaayon sa pamantayan?
2. Bakit kailangang paghusayan at pagbubutihan ang isang Gawain?
3. Maipagmamalaki mo ba ang iyong gawa? Bakit?



## Pagyamanin

### Gawain 1

Pumili ng sampu (10) sa mga gawaing nakasulat at itala sa iyong kuwaderno gamit ang tsart. Ilista sa unang kolum ang paggawa ng proyekto. Sa ikalawang kolum lagyan ng tsek (√ ) kung nakakasunod ka sa pamantayan o hindi. Sa ikatlong kolum, lagyan ng (☺) kung mataas ang uri ng kalidad at (☹) kung mababa ang uri ng kalidad.

1. Pagkukumpuni sa mga sirang bagay
2. Gumawa ng bulaklak gamit ang plastic ribbons.
3. Mag-alaga ng nakakabatang kapatid
4. Gumawa ng flower vase gamit ang diyaryo.
5. Gumawa ng maliit na upuan gamit ang tatlong pirasong kahoy.
6. Pagpintura ng isang lumang gamit ng bahay.
7. Tumulong sa pamamalengke
8. Gumawa ng proyekyong gamit ang drinking straw.
9. Tumulong sa paggawa ng takdang-aralin ng iyong kapatid.
10. Gumawa ng organizer gamit ang karton ng sapatos,.
11. Gumawa ng unan gamit ang pira-pirasong tela.
12. Gumawa ng punda ng unan gamit ang isang metrong tela .
13. Mapunas sa mga basang pinggan.
14. Gumawa ng star gamit ang kawayan.
15. Maglinis ng mga basahan.

| Mga Gawain | Nakasusunod sa Pamantayan | | Uri ng Kalidad | |
|---|---|---|---|---|
| | Oo | Hindi | Mababa | Mataas |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |



**Isaisip**

Sagutin ang tanong. Isulat sa mga linya sa ibaba ang sagot

1. Paano mo maipagmalaki ang anumang natapos na gawain?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________



**Isagawa**

## Gawain 1

Umisip ng isang gawain o proyektong pinakagusto mong gawin. Isaisip kung paano mo magagamit ang mga pamantayan sa paggawa ng de-kalidad na gawain. Planuhin ang iyong gagawin sa pamamagitan ng pagsagot sa mga aytem na nasa ibaba.

1. Pinakagustong proyektong gawin ________________________________.
2. Mga tiyak na hakbang na gagawin________________________________

   ________________________________________________________________.
3. Mga paraan sa paggawa ng proyekto ______________________________

   ________________________________________________________________.
4. Sakop na panahon sa paggawa ng proyekto ______________________.
5. Mga panukat sa paggawa ng isang matagumpay at de-kalidad na

   proyekto ________________________________________________________



## Tayahin

Basahin at unawaing mabuti ang tanong. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang mainam na paggamitan ng mga pira-pirasong tela na maaring pagkakakitaan?

A. paggawa ng cushion o unan
B. pansala sa paggawa ng gata
C. pagtakip sa mga muwebles
D. paggawa ng damit

2. Sino ang magtatagumpay?

A. Si G. Lopez ay may bisyong pag-iinum ng alak.
B. Si Aling Tina ay gumagawa lamang kung nasa paligid ang kanyang amo.
C. Hindi iniiwan ni Bb. Vintara ang kanyang trabaho hangga't hindi ito natatapos.
D. Lahat ng mganabanggit

3. Bagamat nahihirapan sa umpisa, pinag-aralang mabuti ni Grace ang pananahi sa makina.Pagdating ng tamang panahon, hindi nahihirapang humanap ng trabaho si Grace. Ano ang masasabi mo sa kanyang ginawa?

A. pinalawak at pinabuti niya ang kanyang kakayahan bilang paghahanda sa tamang pagkakataon.
B. sinanay niyang mabuhay ng mahirap
C. siya'y nagkulang ng paniniwala sa sariling kakayahan
D. ginawa niyang libangan ang pananahi

4. Maliit ang kinikita ni Kiko bilang barbero kaya maingat siya sa paggastos.May budget siyang sinusunod at regular din ang paghulog niya sa bangko.Di naglaon, nakapagpatayo si Kiko ng sariling barber shop. Anong katangian ang kanyang ipinamalas?

A. wastong pagtitpid
B. pagkamaramot
C. kakulangan sa disiplina
D. nagmamadaling umangat sa buhay

5. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** tamang pagsunod sa pamantayan sa paggawa ng mga gawain?

A. paghusayan ang ginagawa C. pinagbubuhusan ng kakayahan

B. pinagbubutihan ang ginawa D. pagpapabaya sa Gawain

6. Alin ang nagpapatunay na " Kung may tiyaga, may nilaga"?

A. nagpabaya si Mon sa kanyang pag-aaral

B. nagsusumikap si Carlos sa pag-aaral kung kaya't nakahanap siya ng disenteng trabaho

C. lakwatsero si Nestor kaya't hindi nakapagtapos sa pag-aaral

D. madalas lumiliban sa klase si Marlon.

7. Kung mabigat ang Gawain, nagre-reklamo si Panyong. Siya ay_________?

A. may katwiran C. hindi malayo ang mararating

B. aasenso sa buhay D. madaling mapagod

8. Sino ang dapat tularan? Si Rosita na gumawa lang ng lumang basahan sa maghapon. Si Ramona na busalsal ang mga gawa. Si Remedios na pinili ang mga matibay na mga tela at kulay upang gumanda ang yari na basahan. Si Rose na minsan sa isang lingo lang gumawa ng basahan.

A. Rosita B. Ramona C. Remedios D. Rose

9. Dahil sa sipag at tiyaga, si Henry Sy ay nagging may-ari ng shoemart. Ang magandang katangian ni Henry Sy, tulad ng pagsisikap at pagtitiyaga ay ____________?

A. Kaya ko ring tularan. B. di ko kayang tularan.

C. mahirap tularan D. may pinagmanahan

10. Sino ang magtatagumpay?

A. ang taong takot harapin ang mabigat na gawain

B. ang taong mahiyain

C. ang taong nagmamarunong

D. ang taong may pagmamahal, pagtitiyaga, at pagsiskap sa Gawain



## Karagdagang Gawain

Mangalap sa internet ng kuwento ng mga Pilipino na naging matagumpay sa buhay dahil sa kanilang pagsusumikap, pagtitiyaga, at kahusayan sa kanilang Gawain sa kahit anong larangan. Pumili ng isa at itala ang buod ng kwento. Tiyaking masakot ang katanungan na nasa ibaba.

Pangalan ____________________________________

Edad ____________________________________

Larangan ng Pagtatagumpay ______________________

____________________________________________

Mga Pagpapahalaga sa Buhay

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Aral na Natutuhan

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## Gabay sa Pagwawasto

Subukin:
1. M
2. T
3. T
4. T
5. T

Balikan:
1.√
2.√
3.×
4.√
5.×

Suriin;
( answer
may vary)

Isaisip:
( answer
may vary

Isagawa:
(answer
may vary)

Pagyamanin:
Gawain 1
- Pagkukumpuni sa mga sirang bagay
- Gumawa ng bulaklak gamit ang plastic ribbons
- Pagpintura ng isang lumang gamit sa bahay
- Gumawa ng proyekto gamit ang dringking straw
- Gumawa ng maliit na upuan gamit ang tatlong pirasong kahoy
- Gumawa ng organizer gamit ang karton ng sapatos
- Gumawa ng unan gamit ang pira-pirasong tela
- Gumawa ng punda ng unan gamit ang isang metrong tela
- Gumawa ng flower vase gamit ang diyaryo
- Gumawa ng star gamit ang kawayan

Tayahin :
1. A
2. C
3. A
4. A
5. D
6. B
7. C
8. C
9. A
10. D

Karagdagang
Gawain:
Answer may
vary

## Sanggunian:

*Zenaida R. Ylarde, Gloria A. Peralta "UGALING PILIPINO SA MAKABAGONG PANAHON 6", 2016, 100-107.*

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** **Florita C. Madrid**
*Teacher - III*, Balangasan Central Elementary School
West District, Pagadian City Division

**Tagasuri :** **Metushela Ubas – Salac**
*Master Teacher – I*, Dumagoc Elementary School

**Patnugot :** **Jovita A. Dugenia**, *Values Education Supervisor*

**Tagapamahala :** **Danny V. Cordova, EdD, CESE**, - OIC - SDS
**Maria Colleen L. Emoricha, EdD, CESE** - ASDS
**Matt Ranillo O. Singson, EdD, CESE** – OIC - ASDS
**Isagani B. Cabahug** – SGOD Chief
**Ma. Diosa Z. Peralta** – CID Chief
**Ma. Madelene P. Mituda** – LR Supervisor

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.